

Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Ang Land Registry

Ang Land Registry ay isang pampublikong tanggapan para sa pagpaparehistro ng mga instrumento na nakakaapekto sa lupain sa Hong Kong at pagkakaloob ng mga tala sa lupa para sa pampublikong paghahanap sa ilalim ng Ordinansa ng Pagpaparehistro ng Lupain (Cap. 128) (LRO) at Mga Regulasyon ng Pagpaparehistro ng Lupain (Cap. 128A) (LRR). Kami ay may pananagutan din sa pagpaparehistro ng mga korporasyon ng may-ari (OC), na magsumite ng mga dokumento na kinakailangang isumite ng mga OC at pagkakaloob ng mga serbisyo ng paghahanap ng mga talaan ng OC sa ilalim ng Ordinansa ng Pamamahala ng Gusali (Cap. 344) (BMO). Naglalagay kami ng malaking kahalagahan sa pagtiyak ng pantay na pag-access sa mga serbisyo na idinudulog ng lahat ng mga miyembro ng publiko, anuman ang kanilang lahi at etnikong pinagmulan.

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Ang Land Registry ay dapat magrehistro ng mga instrumento na sumusunod sa LRO at LRR. Ang publiko ay maaaring maghanap ng mga rehistro ng lupa at humiling ng mga kopya ng mga talaan ng lupa sa mga Online na Serbisyo ng Integrated Registration Information System (IRIS) (www.iris.gov.hk) o sa aming Sentro ng Customer o iba pa naming mga Tanggapan sa Paghahanap ng New Territories (sama-sama bilang "Land Registry Offices") (www.landreg.gov.hk/en/contact/contact_2.htm)
- Ang mga komite ng pamamahala na itinalaga sa ilalim ng BMO ay maaaring mag-aplay sa Land Registrar para sa pagrehistro ng mga OCs. Ang mga Sekretaryo ng mga komite ng pamamahala ng mga OCs ay dapat maghain ng kaukulang dokumento na kinakailangang isumite sa Land Registrar sa ilalim ng BMO. Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring maghanap sa mga talaan ng OC sa mga kaugnay na tanggapan ng Land Registry.

Umiiral na Mga

- Nakikipag-ugnay ang Land Registry sa publiko sa Tsino

Panukala at/o Ingles sa pagkakaloob ng mga serbisyo. Ang lahat ng nakalimbag na impormasyon para sa publiko (kabilang ang mga leaflet ng impormasyon, form ng aplikasyon, atbp.) at impormasyon sa mga websayt ng kagawaran at Mga Serbisyong Online ng IRIS ay nasa parehong wikang Tsino at Ingles.

- Ang serbisyo ng interpretasyon ay isasaayos kung kinakailangan sa pamamagitan ng Sentro Para sa Etniko Minorya (CHEER). Nagbibigay ang CHEER ng mga serbisyong interpretasyon sa walong wika, ito ay ang Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese.

Pagtatasa ng Mga Gawain sa Hinaharap • Ang mga hakbang ay palagiang sinusuri para sa patuloy na pagpapabuti. Ang mga puna / mungkahi mula sa mga gumagamit, kung mayroon man, ay itatala at susuriin upang makita kung ang karagdagang pagpapabuti ay maaaring gawin kung kinakailangan at naaangkop.

Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad • Patuloy kaming magsasaayos para sa aming mga kawani upang dumalo sa mga angkop na kurso sa pagsasanay na ibinigay ng mga kaugnay na origanisasyon tulad ng Equal Opportunities Commission, ang Constitutional and Mainland Affairs Bureau, ang Civil Service College, atbp. kung naaangkop upang mapahusay ang kanilang kamalayan at pag-unawa sa pagkakapantay-pantay ng lahi at etniko.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga nabanggit na panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Customer Service Manager, Binibining Cherie CHOW sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

Numero ng telepono : 3105 0000
Numero ng fax : 2596 0281
Email : csa@landreg.gov.hk
Adres sa Koreo : The Land Registry

28th Floor Queensway Government Offices
66 Queensway
Hong Kong

Ang Land Registry
Mayo 2024